



WILL LIGHTBOURNE
DIRECTOR

STATE OF CALIFORNIA—HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES
744 P Street • Sacramento, CA 95814 • www.cdss.ca.gov



EDMUND G. BROWN JR.
GOVERNOR

Mahal naming Tagabigay ng Mga Pangsuportang Serbisyo sa Loob-ng-Tahanan (IHSS):

Ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan sa California (California Department of Social Services [CDSS]) ay nagalak na ipaalam sa iyo na ang Direktang Deposito ng mga tsekeng suweldo ay magagamit na ngayon ng mga tagabigay ng IHSS.

Ano ang Direktang Deposito?

Ang Direktang Deposito ay isang opsyonal na paraan para tanggapin ang iyong mga tsekeng suweldo para sa IHSS. Sa Direktang Deposito, ang iyong tsekeng suweldo sa IHSS ay direktang idinedeposito sa iyong checking o savings account sa halip na ipadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo. Ang iyong mga tsekeng suweldo ay maaaring maideposito sa iyong account sa isang bangko, sa isang savings at loan o credit union.

Para masubaybayan ang iyong suweldo, makakatanggap ka ng Abiso ng Pagpapadala sa Pamamagitan ng Direktang Deposito na kahawig ng at naglalaman ng impormasyong katulad ng nasa Kasulatan ng Mga Kinita (resibo ng suweldo) na kasalukuyang mong tinatanggap karugtong ng iyong tsekeng suweldo para sa IHSS. Kasama ng iyong resibo ng suweldo tatanggap ka rin ng bagong timesheet para sa susunod na panahon ng sahurang.

Kung gusto mong patuloy na tumanggap ng mga tsekeng suweldo sa koreo hindi mo kailangang kumpletuhin ang kalakip na form o gumawa ng anumang aksyon. Subalit, kung gusto mong mapunta mismo ang iyong mga tsekeng suweldo sa iyong bangko sa pamamagitan ng Direktang Deposito kailangan mong sagutan at ibalik ang kalakip na Form ng Pagpapal-ista/Pagpapali/ Kancelasyon ng Direktang Deposito ng Tagabigay ng mga Pangsuportang Serbisyo sa Loob-ng-Tahanan.

Ano ang mga pakinabang ng Direktang Deposito?

- ✓ Ang iyong mga tsekeng suweldo ay maaaring mawala sa koreo o manakaw mula sa iyong mailbox, sa bag o sa balsa.
- ✓ Maaaring mas maaga mong makukuha ang iyong pera dahil hindi mo na kailangang hintayin na dumating ang iyong tseke.

Sino ang kwalipikado para sa Direktang Deposito?

- ✓ Lahat ng mga tagabigay ng serbisyo na IHSS ay kwalipikado para sa Direktang Deposito kung sila ay:
 - mayroong checking o savings account,
 - kasalukuyang tumatanggap ng mga tsekeng papel dalawang beses kada buwan, at
 - nakapagtrabaho para sa programang IHSS nang di-bababa sa 90 araw.
 - hindi nagbabalak na ipadala sa ibang bangko sa labas ng US ang 100% ng mga pondong idedeposito sa iyong account.
- ✓ Kung binabayaran ka mismo ng tagatanggap ng iyong serbisyo (Pangunang Bayad) hindi ka kwalipikado para sa Direktang Deposito.
- ✓ Upang magpatuloy ang iyong kwalipikasyon sa Direktang Deposito, dapat mong isumite sa tamang oras ang iyong mga timesheet para sa bawat tagatanggap ng iyong serbisyo kasunod ng katapusan ng bawat panahon ng sahurang.

Ano ang mangyayari kung titigil akong magtrabaho para sa isang tagatanggap ng aking serbisyo?

- ✓ Ang mga tagabigay ng serbisyo na titigil sa pagtatrabaho para sa isang tagatanggap ng serbisyo ay mababayaran nang Direktang Deposito kung isusumite nila ang kanilang timesheet sa loob ng 60 araw pagkatapos ng kanilang huling panahon ng sahurang. ***Kung hindi ka magsusumite ng anumang mga timesheet nang 60 araw, ang iyong Direktang Deposito ay awtomatikong makakansela.***
- ✓ Sa halip, tatanggap ka ng tsekeng papel para sa anumang naisumiteng timesheet pagkatapos ng 60-araw na panahong ito.
- ✓ Kung ikaw ay makakansela mula sa Direktang Deposito at gusto mong gamitin uli ang Direktang Deposito, kailangan mong magpalistang muli sa pamamagitan ng pagsusumite ng bagong form ng pagpapal-ista.

Paano ako magpapalista sa Direktang Deposito?

- ✓ Para magpalista dapat mong kumpletuhin ang kalakip na Form ng Pagpapalista/ Pagpapalit/Kanselasyon ng Direktang Deposito. Sundin ang mga bilin na nakasulat sa form.
- ✓ **Pakitandaan na dapat kumpletuhin ang hiwalay na form para sa bawat tagatanggap na binibigyan mo ng mga serbisyong IHSS.** Para sa mga karagdagang form maaari kang pumunta sa aming website sa www.dss.cahwnet.gov at i-klik ang tab na namarkahang “Forms/Brochures” para i-download ang form ng pagpapalista. Kung mas gusto mo, maaari mo ring tawagan ang Help Desk ng Direktang Deposito ng Tagabigay ng Serbisyo nang walang bayad sa (866) 376-7066 at hingin na padalhan ka ng form.

Ano ang aking gagawin kung nagtatrabaho ako para sa higit sa isang tagatanggap ng serbisyo?

- ✓ Kung nagtatrabaho ka para sa higit sa isang tagatanggap ng serbisyo at gusto mong gamitin ang Direktang Deposito, dapat mong sagutan at isumite ang hiwalay na form ng pagpapalista para sa bawat tagatanggap na pinaglilingkuran mo at gusto mong direktang maideposito ang iyong mga sahod mula sa mga ito.

Karagdagang Impormasyon sa Direktang Deposito

- ✓ Lahat ng mga pagpapalista sa Direktang Deposito ay ipoproseso sa iisang sentrong lokasyon. **Huwag sanang tatawag sa opisina ng county sa iyong lugar dahil hindi ka nila matutulongan sa proseso ng pagpapalista sa Direktang Deposito.**
- ✓ Kung mayroon kang mga karagdagang tanong o problema pagkatapos makipag-usap sa iyong Bangko, puwede mong kontakin ang Help Desk ng Direktang Deposito ng Tagabigay ng Serbisyo nang walang bayad sa (866) 376-7066. Ang Help Desk ng Direktang Deposito ng Tagabigay ng Serbisyo ay puwedeng magpadala sa iyo ng mga form at tulongan kang sagutan ang iyong form.
- ✓ Kapag tatawagan mo ang Help Desk ng Direktang Deposito ng Tagabigay ng Serbisyo kailangang hawak mo ang iyong Kasulatan ng mga Kinita (resibo ng suweldo) mula sa IHSS o iba pang dokumento na nagpapakita ng pangalan at numero ng kaso ng bawat kaso ng tagatanggap ng serbisyo na itinatawag mo. Dapat hawak mo ang impormasyong ito para matulungan ka ng Help Desk.

Kailan maike-credit sa aking account sa Bangko ang aking unang transaksyon na Direktang Deposito?

- ✓ Patuloy kang tatanggap ng mga tsekeng papel sa pamamagitan ng koreo hanggang ang iyong account para sa Direktang Deposito ay naiayos na.
- ✓ Maaaring magtagal nang hanggang 60 araw mula sa oras na ipadala mo ang iyong form ng pagpapalista hanggang sa iyong unang Direktang Deposito.

Ano ang mangyayari kung isasara ko ang aking account o magpapalit ako ng Bangko?

- ✓ Pasabihan kaagad ang Sentro ng Pagpoproseso ng Direktang Deposito nang walang bayad sa (866) 376-7066 kung gusto mong palitan ang numero ng iyong account o ang iyong Bangko. Kailangan mong kumpletuhin at lumagda ng bagong Form ng Pagpapalista/Pagpapalit/Kanselasyon ng Direktang Deposito. Maaari kang padalhan ng Sentro ng Pagpoproseso ng Direktang Deposito ng bagong form o maaari mong kunin ang mga form sa website na binanggit sa itaas. Ibalik ang nakumpletong form sa Sentro ng Pagpoproseso ng Pagpapalista ng Tagabigay ng Serbisyo sa P. O. Box 1120, Roseville, CA 95678.
- ✓ **Huwag isasara ang iyong lumang account hanggang matanggap mo ang iyong unang sahod sa iyong bagong account .**